Metro Waterwise Programs
PO Box 1600
Osborne Park DC WA 6916

T 13 13 85
E watercomparison@watercorporation.com.au

Mga tagubilin

Ang ilang bahagi ng liham o email na iyong natanggap ay iniangkop para sa inyong sambahayan, samantalang ang teksto sa ibaba ay panlahatan.

Kapag nakita mo ang **XXX** sa ibaba, pakitingnan ang iyong liham o email upang makita ang mga numero.

Kapag nakita mo ang <iyong kategorya> sa ibaba, pakihanap ang arrow sa iyong liham o email.

Pantukoy ng Ari-arian (Property Ref) – Ang Address ng Iyong Ari-arian
Ang Aming Pantukoy (Our Ref) – Ang Numero ng Iyong Account

Makiisa sa libu-libong sambahayan sa inyong lugar na matalinong gumagamit ng tubig

Mahalagang yaman ang tubig sa WA at tumitindi ang kahirapan sa mga suplay ng ating tubig. Matapos ang napakatuyong taglamig, malamang na magiging kakaiba ang init at tagtuyot sa mga susunod na buwan. Sa paggawa ng maliliit na pagbabago sa paraan ng paggamit natin ng tubig, lahat tayo ay makatutulong na maprotektahan ang ating mahahalagang pinagkukunan ng tubig.

Isang magandang panimula ang malaman kung gaano karaming tubig ang ginagamit ninyo at kung paano ikukumpara ang paggamit ninyo ng tubig sa ibang mga sambahayan sa inyong lugar.

Sa pinakahuling mas maiinit na buwan*, gumamit ang inyong sambahayan ng XXX litro ng tubig bawat araw, na <iyong kategorya>, kung ikukumpara sa ibang mga sambahayan sa inyong lugar.



Magkakaiba ang bawat sambahayan, at ang bilang ng mga taong nakatira sa iyong tahanan o ang laki ng iyong ari-arian ay maaaring makaapekto sa pagkumpara sa iba ng inyong paggamit ng tubig. Para sa mas personalisadong pagkumpara, kumpletuhin ang profile ng inyong sambahayan sa watercorporation.com.au/register

Ang magandang balita, ang paggamit ng mas kaunting tubig ay hindi nangangahulugan ng malalaking pagbabago. Ang simpleng mga gawi ay maaaring magdulot ng malaking epekto, lalo na sa labas ng bahay, kung saan humigit-kumulang 36% ng karaniwang paggamit ng tubig ng isang sambahayan ay nagaganap.

Lubusin ang mapapakinabangan dito

Diligan ang iyong hardin bago mag-9:00 ng umaga o pagkatapos ng alas-6:00 ng gabi, sa mga oras na hindi ito kayang nakawin ng araw! Para sa mas malaking pagtitipid, gamitin ang **seasonal adjustment setting sa iyong irrigation controller o manu-manong i-adjust ito** upang bawasan ang oras ng pagdidilig ayon sa pagbabago ng panahon at mga antas ng evaporation. Sa Nobyembre, karaniwang nangangailangan ang mga hardin ng 80% ng pinakamahabang oras ng pagdidilig, na tataas ng 90% sa Disyembre.

Metro Waterwise Programs
PO Box 1600
Osborne Park DC WA 6916
T 13 13 85
E watercomparison@watercorporation.com.au

Regular na suriin ang mga sistema

Makakatulong ang mabilis na regular na pagsusuri upang masubaybayan mo ang iyong paggamit ng tubig. Suriin ang iyong sprinkler system kung may mga tagas o may tubig na nadidilig sa maling direksyon, at tiyaking **nakasara ang iyong mga sprinkler kapag may inaasahang pag-ulan.**

Kung nais mong ayusin ang mga tagas sa iyong irrigation system o matutunan kung paano gamitin nang mas epektibo ang iyong controller, makakatulong ang aming **Sentro ng Matalinong Paggamit ng Tubig sa Hardin (Waterwise Garden Hub) sa pamamagitan ng mga tool at payo**. Bisitahin ang **watercorporation.com.au/gardenhub.**

Maghanap ng mga alternatibo sa hose

Tanungin ang iyong sarili: kailangan ba talaga nito ng tubig? Magugulat ka kung gaano kadaling makahanap ng alternatibo. Sa halip na kumuha ng hose, gumamit ng walis para linisin ang mga daanan at driveway, at gumamit ng balde at basahan para punasan ang mga panlabas na muwebles.

Para sa mga simpleng paraan upang mas kaunting tubig ang gamitin sa bahay, bisitahin ang **watercorporation.com.au/waterwiseadvice.**

Paano mo malalaman ang iyong progreso sa pagtitipid ng tubig?

Sa susunod na ilang (mas maiinit) na panahon, magbabahagi kami ng mga update tungkol sa iyong paggamit ng tubig, kung gaano ito karami kumpara sa iba, at ang iyong progreso sa pagtitipid.

Sama-sama, ang maliliit na pagbabago sa paraan ng paggamit natin ng tubig ay makatutulong na maprotektahan ang mahalagang yaman na ito para sa hinaharap.

Lubos na sumasaiyo,

Damien Postma
Tagapamahala – Mga Programang Waterwise at Pakikipagtulungan

**humigit-kumulang Nobyembre 2025 – Abril 2026*